International Journal of Research Studies in Education
2026 Volume 15 Number 22, 115-127



Lokal na wika sa digital na panahon: Isang comparative digital ethnography sa Waray at lokal na baryedad ng Bikol sa Sorsogon sa pagbuo ng identidad ng kabataan

Niego, Suzette S. ✉
Samar National School, Philippines (suzette.niego@deped.gov.ph)
Deramas, Marjorie Ann
Felomino D. Deramas Integrated School, Philippines (marjorieannderamas11@gmail.com)
Marbella, Felisa D.
Sorsogon State University, Philippines (felisa.marbella@sorsu.edu.ph)

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 5 September 2026 **Revised**: 22 October 2026 **Accepted**: 24 October 2026
Available Online: 25 October 2026 **DOI**: 10.5861/ijrse.2026.26439

Abstrak

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa masusing pagsusuri sa papel ng lokal na wika sa digital na komunikasyon ng kabataan bilang mahalagang salik sa pagbuo at pagpapahayag ng identidad. Sa harap ng mabilis na pagbabago ng midya at teknolohiya, mahalagang maunawaan kung paanong ang mga kabataan ay gumagamit ng kanilang lokal na wika hindi lamang bilang daluyan ng impormasyon kundi bilang kasangkapan ng kultural na representasyon at pakikipag-ugnayan. Sinuri ng pananaliksik ang paggamit ng lokal na wika sa digital na komunikasyon ng kabataan at ang papel nito sa pagbuo at pagpapahayag ng identidad. Partikular nitong inihambing ang mga praktikang pangwika ng mga kabataang gumagamit ng Waray at ng lokal na baryedad ng Bikol sa Sorsogon. Gumamit ang pag-aaral ng kwalitatibong Comparative Digital Ethnographic Research Design. Ang mga pangunahing instrumento ay Semi-Structured In-Depth Interview Guide, Digital Ethnographic Observation Checklist, at Digital Artifact Analysis Matrix. Sa pagsusuri ng datos, ginamit ang coding, thematic analysis, at paghahambing ng mga temang lumitaw mula sa dalawang pangkat. Batay sa modelong pagsusuri, lumitaw na ginagamit ng kabataan ang lokal na wika hindi lamang bilang kasangkapan sa pakikipagkomunikasyon kundi bilang paraan ng pagpapahayag ng pagiging kabilang, pagiging malapit sa kapuwa, at pagkakakilanlang pangkultura. Natukoy rin ang mga praktikang gaya ng code-switching, code-mixing, paggamit ng lokal na slang, malikhaing baybay, at pagsasanib ng tekstuwal at biswal na elemento. Lumitaw ding mahalaga ang konteksto at audience sa pagpili ng wika. Bagaman may pagkakatulad ang Waray at lokal na baryedad ng Bikol sa paggamit bilang marker ng lokal na identidad at pakikipagkapuwa, may pagkakaiba sa konteksto at paraan ng paggamit. Ipinahihiwatig ng pag-aaral na ang digital na espasyo ay hindi lamang lugar ng impluwensiya ng dominanteng wika kundi maaari ring maging daluyan ng pagpapanatili at malikhaing pagbabago ng lokal na wika.

Mga Susing Salita: lokal na wika, Waray, Bikol Sorsogon, digital ethnography, kabataan, identidad, digital na komunikasyon

© The Author(s) / Attribution-NonCommercial-NoDerivs CC BY-NC-ND

Lokal na wika sa digital na panahon: Isang comparative digital ethnography sa Waray at lokal na baryedad ng Bikol sa Sorsogon sa pagbuo ng identidad ng kabataan

1. Introduksiyon

Ang wika ay higit pa sa isang sistema ng mga salita at tuntunin na ginagamit upang maipahayag ang isang mensahe. Nakaugnay ito sa paraan ng pag-unawa ng tao sa kaniyang sarili, sa kaniyang kapuwa, at sa kaniyang kinabibilangang komunidad. Sa pamamagitan ng wika, naipapasa ang kaalaman, karanasan, pagpapahalaga, at mga alaala ng isang pamayanan. Sa ganitong pananaw, ang wika ay nagsisilbing sisidlan ng kolektibong karanasan at mahalagang sangkap ng pagkakakilanlan. Binigyang-diin ng UNESCO na ang mga wika ay hindi lamang kasangkapan sa komunikasyon at paghahatid ng kaalaman kundi mga tagapagdala rin ng historikal at panlipunang karanasan at mga mahalagang salik sa sariling pagkakakilanlan ng mga tao.

Ang ugnayan ng wika at identidad ay hindi rin maitututuring na tuwiran at nakapirmi. Sa sosyokultural na pananaw nina Bucholtz at Hall (2005), ang identidad ay nalilikha at naipapakita sa pamamagitan ng lingguwistiko at iba pang semiotikong gawain sa aktuwal na interaksiyon. Ibig sabihin, ang paraan ng pagpili ng salita, estilo ng pagsasalita o pagsulat, at uri ng wikang ginagamit ng isang tao ay maaaring magbigay ng pahiwatig tungkol sa kaniyang pagkakakilanlan at sa kaniyang relasyon sa iba. Kaugnay nito, ipinakikita ni Eckert (2012) na ang baryasyon sa wika ay hindi lamang sumasalamin sa mga umiiral na panlipunang kategorya; nakatutulong din ito sa paglikha ng panlipunang kahulugan. Dahil dito, ang paggamit ng isang lokal na wika ay maaaring magsilbing paraan ng pagpoposisyon ng sarili, pagpapakita ng pagkakabilang, at pagbuo ng partikular na imahe sa loob ng isang komunidad.

Sa paglawak ng paggamit ng *internet* at *social media*, nagbago ang mga lugar at pagkakataon kung saan isinasagawa ang pang-araw-araw na pakikipagkomunikasyon. Ang pakikipag-ugnayan na dati ay higit na nagaganap sa tahanan, paaralan, pamilihan, at iba pang pisikal na espasyo ay lumalawak na ngayon sa *Facebook, Messenger, TikTok, Instagram,* at iba pang *online platforms*. Sa mga espasyong ito, ang tao ay hindi lamang tumatanggap ng impormasyon kundi gumagawa rin ng sariling nilalaman, nakikipag-ugnayan sa iba, at naglalahad ng mga bahagi ng kaniyang sarili sa isang partikular na audience. Ayon kina Seargeant at Tagg (2014), ang wika sa social media ay may mahalagang kaugnayan sa paraan ng pakikipag-ugnayan ng mga tao, pagbuo ng komunidad, at presentasyon ng sarili. Sa gayon, ang digital na komunikasyon ay maaaring ituring na isang mahalagang larangan ng pagsusuri sa kasalukuyang ugnayan ng wika, kultura, at identidad.

Lalong nagiging mahalaga ang usaping ito sa mga pamayanang multilingguwal gaya ng Pilipinas. Sa pang-araw-araw na komunikasyon ng maraming Pilipino, hindi lamang isang wika ang ginagamit. Maaaring magpalitan o magsanib ang lokal na wika, Filipino, at Ingles depende sa kausap, layunin, paksa, at sitwasyon. Sa pag-aaral ni Androutsopoulos (2015), inilalarawan ang ganitong kalagayan bilang *networked multilingualism*, kung saan ang pagpili ng wika sa digital na espasyo ay naaapektuhan ng digital technology, lawak ng social network, genre ng pakikipagkomunikasyon, at inaasahang *audience*. Ipinakikita rin ng pag-aaral na ang mga praktikang multilingguwal online ay maaaring magkakaiba ayon sa uri ng post at layunin ng interaksiyon.

Hindi rin simpleng usapin ng “wika laban sa wika” ang ganitong paghahalo. Sa halip, maaari itong tingnan bilang paggamit ng kabataan sa iba’t ibang *linguistic at semiotic resources* upang maipahayag ang sarili at makalikha ng kahulugan. Sa isang ethnographic case study tungkol sa digital translanguaging ng kabataan, ipinakita na maaaring gamitin ang buong linguistic repertoire ng isang tao kasama ang iba pang semiotikong resources upang maisabuhay ang relasyon at identidad sa digital space. Sa mga pag-aaral tungkol sa social media, lumilitaw din na ang multilingual identity ay nabubuo sa patuloy na pakikipag-ugnayan sa iba’t ibang audience at sa pag-aangkop sa *affordances* ng bawat *platform*.

Sa konteksto ng kabataan, higit na kapansin-pansin ang prosesong ito sapagkat malaking bahagi ng kanilang pakikipag-ugnayan ay nakaugnay sa digital culture. Ang kanilang paggamit ng wika ay hindi na lamang nasusukat sa pormal na pagsasalita at pagsulat. Kasama rito ang *captions, comments, memes, reaction messages, hashtags, short-form videos*, at iba pang anyo ng digital expression. Sa isang pag-aaral sa Cebuano youth, halimbawa, natuklasan na ginagamit ng mga kabataan ang Cebuano sa mga kaswal na digital interaction upang mapanatili ang *cultural identity* at mapalakas ang *social connection*, habang ginagamit naman ang paghahalo ng Cebuano at English sa ilang kontekstong may kinalaman sa humor at social bonding (Escarda et al., 2024).

May katulad ding obserbasyon sa isang mas bagong pag-aaral tungkol sa *multilingual practices* ng mga Cebuano students sa Facebook. Natukoy na ang language choice ay maaaring magbago batay sa communicative function ng post; ginagamit ang Cebuano, Filipino, English, o *code-switching* sa magkakaibang layunin tulad ng pagbibiro, direktang pagtawag sa kausap, pagpapahayag ng damdamin, at pagpapanatili ng ugnayang panlipunan (Mollejon, 2025). Ipinahihiwatig ng mga ganitong pag-aaral na ang digital language practices ng mga kabataan ay may panlipunang kahulugan at hindi lamang usapin ng kaginhawahan o bilis ng komunikasyon.

Mahalagang ilagay sa ganitong talakayan ang kalagayan ng mga lokal na wika sa Pilipinas. Sa isang banda, kinikilala ang kahalagahan ng mga wikang katutubo at rehiyonal sa kultura at identidad; sa kabilang banda, nahaharap ang mga ito sa mga pagbabago dulot ng urbanisasyon, edukasyon, migrasyon, mass media, at *digital communication.* Binibigyang-diin ng UNESCO na ang pagkakaroon ng mga wika sa cyberspace ay mahalaga sa pantay na pakikilahok sa digital na daigdig at sa pagpapanatili ng *linguistic diversity*. Sa kasalukuyang panahon, lalo pang tumitindi ang usapin dahil ang malaking bahagi ng impormasyong digital, mga teknolohiyang pangwika, at mga online service ay higit na nakasentro sa mga wikang may malawak na *digital representation*.

Sa ganitong kalagayan, nagiging mahalagang tanong kung saan inilalagay ng kabataan ang kanilang lokal na wika sa loob ng digital na espasyo. Mananatili ba itong gamit na pang-araw-araw, o unti-unti itong lilimitahan sa tahanan at lokal na pakikipag-usap? Magbabago ba ang anyo nito upang umangkop sa mga katangian ng social media? O maaari kayang gamitin mismo ang digital platforms bilang bagong larangan ng pagpapanatili at pagpapalakas ng lokal na wika? Ang ganitong mga tanong ay mahalaga sapagkat ang digital environment ay hindi lamang lugar kung saan maaaring maimpluwensiyahan ang wika; maaari rin itong maging lugar kung saan nalilikha ang panibagong anyo ng paggamit at pagpapahalaga rito. Sa isang kamakailang pandaigdigang inisyatiba, inilunsad ng UNESCO ang *Global Roadmap on Multilingualism in the Digital Era* upang tugunan ang hindi pantay na representasyon ng mga wika sa digital spaces at upang palakasin ang digital presence ng mga wikang mababa ang resources.

Lalong nagiging makabuluhan ang usaping ito kung ang pagtutuunan ay ang Waray at ang mga lokal na baryedad ng Bikol sa Sorsogon. Ang Waray ay mahalagang wikang panrehiyon sa Silangang Visayas at may malalim na pagkakaugnay sa kasaysayan at kulturang Samarnon at Leytenhon. Sa pagsusuri ni Nibalvos (2018), makikita na ang usapin ng “Waray” bilang katawagan sa mga tao, wika, at panitikan ng Samarnon at Leytenhon ay may kaugnayan mismo sa tanong ng identidad. Ipinakikita rin ng pag-aaral ang patuloy na pagbabago at muling pagpapalaganap ng panitikang Waray sa iba’t ibang daluyan.

Sa kabilang banda, hindi rin iisang homogenous na baryedad ang Bikol na ginagamit sa Sorsogon. Ipinakita ni Cunanan (2015) na maraming baryedad ng Bikol ang ginagamit sa iba’t ibang bahagi ng lalawigan at na may mga pagkakatulad at pagkakaiba ang mga ito batay sa bokabularyo, ponolohiya, at iba pang katangiang pangwika. Mahalaga ang puntong ito sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat ang katawagang “Bikol Sorsogon” ay hindi dapat ituring bilang ganap na iisang anyo ng wika na walang panloob na baryasyon. Sa halip, may mga lokal na anyo at pagkakaibang nakaugat sa partikular na komunidad.

Mahalaga ring tandaan na ang wika at identidad ay patuloy na nabubuo sa aktuwal na gawain ng mga tagapagsalita. Sa ganitong pananaw, hindi sapat na alamin lamang kung gaano karaming salita sa Waray o Bikol ang ginagamit ng kabataan online. Higit na mahalagang siyasatin kung kailan, kanino, bakit, at sa anong paraan nila ginagamit ang lokal na wika at kung ano ang kahulugang iniuugnay nila rito. Ang paggamit ng isang lokal na

ekspresyon sa isang pribadong usapan, halimbawa, ay maaaring may ibang kahulugan kaysa paggamit nito sa isang pampublikong post o video. Gaya ng ipinakita sa mga pag-aaral hinggil sa wika at identidad, ang kahulugan ng linguistic forms ay nakasalalay sa konteksto, estilo, interaksiyon, at panlipunang kahulugan na iniuugnay ng komunidad sa mga ito (Bucholtz & Hall, 2005; Eckert, 2012).

Sa ganitong punto pumapasok ang digital ethnography bilang angkop na lapit sa pagsusuri. Ang digital ethnography ay nagbibigay-daan upang pag-aralan ang mga digital practices hindi bilang hiwa-hiwalay na teksto kundi bilang bahagi ng aktuwal na karanasan, relasyon, gawi, at konteksto ng mga tao. Ayon kina Pink et al. (2016), ang digital ethnography ay maaaring gamitin upang maunawaan ang mga lived experiences, practices, relationships, at paggamit ng digital resources sa isang kontekstwalisadong paraan. Samantala, ipinakita ni Androutsopoulos (2015) na maaaring pagsamahin sa online ethnography ang sistematikong pagmamasid sa online activities, pangangalap at pagsusuri ng screen data, at direktang pakikipag-ugnayan sa mga user.

Sa ilang pag-aaral, ipinakikita ring produktibo ang ganitong lapit sa pagsusuri ng identidad ng kabataan sa social media. Halimbawa, ang pag-aaral sa mga multilingual teenager sa digital spaces ay gumamit ng ethnographic design upang suriin kung paano ginagamit ang iba't ibang wika at multimodal resources sa mga platform gaya ng Instagram, TikTok, at WhatsApp. Samantala, ang pag-aaral ni Georgakopoulou (2017) ay nagpakitang ang mga social media post at "small stories" ay maaaring suriin bilang mga praktika ng identity presentation at self-curation na nakaugnay sa affordances ng platform at sa pagpili ng audience.

Gayunman, sa kabila ng lumalawak na literatura tungkol sa digital language practices, multilingualism, at identity, nananatiling mahalagang siyasatin ang mga lokal na konteksto ng Pilipinas, lalo na ang mga rehiyonal na wikang hindi kasinglawak ng Filipino at English ang representasyon sa digital research. May mga pag-aaral na tumatalakay sa Cebuano youth at sa pangkalahatang multilingual practices ng mga Pilipino online, ngunit mas kaunti ang pananaliksik na nakatuon mismo sa paghahambing ng Waray at isang lokal na baryedad ng Bikol sa Sorsogon bilang mga wikang ginagamit ng kabataan sa pagbuo at pagpapahayag ng identidad sa digital na espasyo. Ang kakulangang ito ay higit na makabuluhan sa isang panahong mabilis na lumalawak ang online communication at patuloy na nagbabago ang mga anyo ng paggamit ng lokal na wika.

Ang pangangailangang ito ay sinusuportahan ng mga obserbasyon sa mismong kalagayan ng Waray. Sa isang lokal na pag-aaral tungkol sa paggamit ng Waray-Waray ng mga batang tagapagsalita, lumitaw na nananatili ang kahalagahan nito bilang simbolo ng identity at heritage ngunit may mga sitwasyong mas nangingibabaw ang English sa akademiko at digital na konteksto. Samantala, ipinakita rin sa isang pag-aaral tungkol sa *English lexicon* sa usapan ng mga batang Waray na ang paghahalo ng mga wika ay isang natural na katangian ng isang multilingguwal na lipunan tulad ng Pilipinas. Ang mga ganitong obserbasyon ay nagpapahiwatig na ang lokal na wika ay hindi basta nawawala o nananatiling hindi nagbabago; sa halip, patuloy itong nakikipag-ugnayan sa iba pang mga wika at sa mga bagong espasyong panlipunan.

Sa kaso naman ng Bikol, may mahabang kasaysayan ang pagkakaugnay ng wika at identidad. Ipinakita ni Barbaza (2014) na ang wikang Bikol ay naging mahalagang lunan ng pagkakakilanlang Bikolnon sa pamamagitan ng panitikan at mga gawaing intelektuwal. Ang wika ay nagsilbing bahagi ng pag-oorganisa ng sarili at ng komunidad at naging larangan ng pagtalakay kung ano ang bumubuo sa "Bikol." Dahil dito, makabuluhang alamin kung paano nagpapatuloy ang ganitong ugnayan ng wika at identidad sa isang bagong espasyong panlipunan—ang digital na kapaligiran—kung saan ang lokal na identidad ay maaaring maipakita kasabay ng mas malawak na pambansa at pandaigdigang impluwensiya.

Samakatuwid, ang kasalukuyang pag-aaral ay nakatuon sa pag-unawa sa lokal na wika bilang buhay na praktikang panlipunan sa digital na panahon. Hindi nito itinuturing ang Waray at lokal na baryedad ng Bikol sa Sorsogon bilang simpleng mga sistemang lingguwistiko na kailangang ilista o ihambing ayon sa bokabularyo lamang. Sa halip, tinitingnan ang mga ito bilang mga mapagkukunang ginagamit ng kabataan upang makipag-ugnayan, makibahagi, magpahayag ng damdamin, magpakita ng lokal na pinagmulan, at makalikha ng pakiramdam ng pagkakabilang. Sa perspektibong ito, nagiging mahalaga ang konteksto ng interaksiyon at ang

panlipunang kahulugan ng mismong pagpili ng wika.

Sa kabuuan, mahalaga ang pag-aaral sapagkat inililipat nito ang pagtalakay sa lokal na wika mula sa tradisyonal na usapin ng pagpapanatili tungo sa tanong kung paano ito aktuwal na nabubuhay, nagbabago, at nagkakaroon ng panibagong kahulugan sa digital na mundo. Sa harap ng lumalawak na impluwensiya ng Filipino, English, global media, at digital technologies, mahalagang pakinggan kung paano mismo ginagamit at binibigyang-kahulugan ng kabataan ang kanilang lokal na wika. Sa pamamagitan ng paghahambing sa Waray at lokal na baryedad ng Bikol sa Sorsogon, inaasahang makapagbibigay ang pag-aaral ng mas malapit at kontekstuwal na pagtingin sa ugnayan ng wika, kabataan, digital na komunikasyon, at lokal na identidad.

Layunin - Sa kontekstong ito isinagawa ang pag-aaral na pinamagatang "Lokal na Wika sa Digital na Panahon: Isang Comparative Digital Ethnography sa Waray at Lokal na Baryedad ng Bikol sa Sorsogon sa Pagbuo ng Identidad ng Kabataan." Layunin nitong siyasatin kung paano ginagamit ng kabataan ang Waray at lokal na baryedad ng Bikol sa Sorsogon sa digital na komunikasyon; tukuyin ang mga praktikang pangwika na lumilitaw sa kanilang online interaction; unawain kung paano nagiging bahagi ang lokal na wika ng pagbuo at pagpapahayag ng identidad; tuklasin ang mga kahulugan, pananaw, at saloobin ng kabataan hinggil sa paggamit ng lokal na wika sa digital na panahon; at ihambing ang mga pagkakatulad at pagkakaiba ng dalawang pangkat.

Sinikap ng pag-aaral na ito na masagot ang mga sumusunod na katanungan: 1) malaman kung paano ginagamit ng kabataan ang wikang Waray at ang lokal na baryedad ng Bikol sa Sorsogon sa kanilang digital na komunikasyon 2) matukoy ang praktikang pangwika na makikita sa kanilang digital na pakikipag-ugnayan; 3) mailarawan kung paano ginagamit ang lokal na wika sa pagbuo at pagpapahayag ng identidad ng Kabataan 4) matukoy ang mga kahulugan, pananaw, at saloobin ng kabataan hinggil sa paggamit ng lokal na wika sa digital na panahon; 5) matalakay ang mga pagkakatulad at pagkakaiba ng Waray at lokal na baryedad ng Bikol sa Sorsogon pagdating sa paggamit ng wika at pagbuo ng identidad ng Kabataan.

2. Metodolohiya

Gumamit ang pag-aaral ng qualitative Comparative Digital Ethnography. Pinili ang disenyong ito upang maunawaan ang aktuwal na praktikang pangwika ng kabataan sa digital na espasyo at ang mga kahulugang kanilang iniuugnay sa paggamit ng lokal na wika. Ang pagiging comparative ng pag-aaral ay nakabatay sa pagsusuri ng dalawang pangkat: mga kabataang gumagamit ng Waray at mga kabataang gumagamit ng lokal na baryedad ng Bikol sa Sorsogon. Sa pamamagitan ng mga nakalap na mga datos, gamit ang disenyong ito, lubos na naisakatuparan ang pag-aaral sa pagsipat sa makabagong paggamit ng wika ng mga kabataan na sumasalamin sa kani-kanilang identidad. Ang mga kalahok ay binubuo ng mga kabataang aktibong gumagamit ng digital platforms at may sapat na kakayahang gumamit ng Waray o lokal na baryedad ng Bikol sa Sorsogon. Pinili ang mga kalahok batay sa pamantayang itinakda ng mananaliksik upang matiyak na mayroon silang aktuwal na karanasan sa paggamit ng lokal na wika sa digital na komunikasyon. Ginamit ang purposive sampling upang mapadali ang pagtukoy sa mga magiging bahagi ng pananaliksik ayon na rin sa mga pamantayang papabor sa mananaliksik at sa mga magiging kalahok.

Ang mga instrumento sa pag-aaral na ito ay may tatlong pangunahing researcher-made instruments ang ginamit at dumaan ang mga ito sa balidasyon: (1) Semi-Structured In-Depth Interview Guide; gabay na binubuo ng mga bukas na tanong, pangunahing tema, at follow-up prompts upang makuha ang karanasan, pananaw, at kahulugan ng paggamit ng lokal na wika. Isinailalim ito sa pilot testing at pagsusuri ng mga kasamahan upang matiyak ang kalinawan at maayos na daloy ng mga tanong (Kallio et al., 2016). (2) Digital Ethnographic Observation Checklist; checklist para sistematikong itala ang digital language practices sa iba't ibang platform, kabilang ang visibility, genre ng post, linguistic at interactional features, at timestamp. Pinatibay ang consistency sa pamamagitan ng inter-rater checks at malinaw na operational definitions para sa mga observer (Zenk et al., 2007; Cole, 2024). (3) Digital Artifact Analysis Matrix; structured template para suriin ang piling posts, captions, comments, memes, at videos ayon sa linguistic content, pragmatic function, multimodality, at audience targeting;

may space para sa researcher memo. In-validate ito sa pamamagitan ng triangulation ng artifact interpretations sa interview excerpts at observation logs, at sinubukan din sa sample re-coding para tiyakin ang pagkakapareho ng interpretasyon (Carter et al., 2014; Bingham, 2023).

Para sa pangkalahatang balidasyon at etika, lahat ng instrumento ay dumaan sa pilot testing, peer review, at iterative revision; dokumentado ang audit trail at isinagawa ang mga etikal na hakbang tulad ng informed consent, anonymization, at pahintulot para sa artifacts. Isinagawa ang pangangalap ng datos sa pamamagitan ng *digital observation* at sistematikong paglikom ng mga pampublikong *digital artifacts* (mga post, komento, screenshot) na may dokumentasyon ng petsa at lokasyon, kasabay ng malalimang panayam na inirekord, in-transcribe nang tumpak, at isinailalim sa *member checking*. Sinunod ang mga etikal na hakbang sa pamamagitan ng pagpapaliwanag sa layunin ng pag-aaral, pagkuha ng pahintulot, at pagprotekta sa identidad ng mga kalahok gamit ang *anonymization*. Sa pagsusuri ng datos, ginamit ang *open* at *focused coding*, pagbuo ng mga *memo*, at *thematic analysis* upang matukoy ang mga pangunahing tema, habang isinagawa ang *cross-case comparison* upang ihambing ang mga pagkakatulad, pagkakaiba, at impluwensya ng konteksto sa pagitan ng Waray at Bikol Sorsogon. Pinatibay ang buong interpretasyon sa pamamagitan ng *triangulation* ng datos mula sa panayam, obserbasyon, at *artifact analysis*, kasama ang *peer debriefing* at paulit-ulit na pagrerepisa ng mga kategorya.

3. Natuklasan

Batay sa thematic analysis, lumitaw na ang lokal na wika ay ginagamit ng kabataan sa iba't ibang uri ng digital interaction. Hindi limitado ang paggamit nito sa simpleng pagbibigay ng impormasyon. Ginagamit din ito sa pakikipagkaibigan, pagbibiro, pagpapahayag ng emosyon, pagbabahagi ng karanasan, at pakikipag-ugnayan sa mga taong may kaparehong lokal na pinagmulan. Ipinahihiwatig nito na ang pagpili ng lokal na wika ay hindi random; may kaugnayan ito sa relasyon, konteksto, layunin, at audience ng komunikasyon. Sa mas impormal at personal na pakikipag-ugnayan, mas natural ang lokal na wika dahil nakatutulong ito sa pagpapahayag ng pagiging malapit, pagkakakilanlan, at pakikipagkapuwa. Naaapektuhan din ito ng pormalidad, inaasahang reaksyon ng audience, at gamit ng komunikasyon, kabilang ang code-switching at multimodal na elemento (Androutsopoulos, 2014; Escarda et al., 2024).

3.1 Suliranin 1: Paggamit ng Waray at Lokal na Baryedad ng Bikol sa Sorsogon sa Digital na Komunikasyon

Talahanayan 1
Mga Pangunahing Tema sa Paggamit ng Lokal na Wika sa Digital na Komunikasyon

Pangunahing Tema	Paglalarawan
Lokal na wika bilang wikang pang-araw-araw	Ginagamit sa chat, comments, captions, at informal interaction
Lokal na wika bilang wika ng intimacy	Mas pinipili sa malalapit na kaibigan at kakilala
Lokal na wika bilang wika ng ekspresyon	Ginagamit sa pagbibiro, emosyon, at personal na saloobin
Lokal na wika bilang wikang pangkomunidad	Ginagamit kapag nais makipag-ugnayan sa kapwa lokal
Pagpili ng wika batay sa audience	Nagbabago ang gamit na wika depende sa target na mambabasa

Makikita rin na ang digital na espasyo ay maaaring magsilbing extension ng lokal na komunidad, kung saan patuloy na ginagamit at pinananatili ang lokal na wika bilang tanda ng identidad at ugnayang panlipunan. Ang platform affordances at audience ay humuhubog sa pagpili ng wika, habang aktibong ginagamit ng kabataan ang iba't ibang register at code sa pagpapahayag ng identidad (Androutsopoulos, 2006, 2014).

3.2 Suliranin 2: Mga Praktikang Pangwika sa Digital na Pakikipag-ugnayan

Sa pagsusuri ng observation records at digital artifacts, lumitaw ang iba't ibang anyo ng digital language practices. Kabilang dito ang code-switching, code-mixing, paggamit ng lokal na slang, malikhaing baybay, pagpapaikli, at paggamit ng multimodal elements gaya ng emoji, meme, larawan, at hashtags.

Talahanayan 2

Mga Praktikang Pangwika na Lumitaw sa Digital na Datos

Praktikang Pangwika	Paglalarawan	Posibleng Gamit
Code-switching	Paglipat mula lokal na wika tungo sa Filipino/English	Audience, emphasis, convenience
Code-mixing	Paghahalo ng wika sa iisang pahayag	Natural na conversational style
Lokal na slang	Paggamit ng lokal na kabataan expressions	Humor at group identity
Malikhaing baybay	Di-pamantayang digital spelling	Bilis, estilo, expression
Pinaikling anyo	Abbreviation at clipped forms	Efficiency
Multimodal language	Pagsasanib ng salita, emoji, meme, larawan	Emotional/social meaning

Mahalagang makita ang mga praktikang ito hindi agad bilang “maling paggamit” ng wika kundi bilang mga anyo ng pag-aangkop sa digital na komunikasyon; ang mabilis at impormal na katangian ng social media ay lumilikha ng espasyo para sa malikhaing paggamit ng wika at para sa eksperimento sa anyo at kahulugan. Sa kontekstong ito, ang pagpili ng register—mula sa buong Filipino o Ingles hanggang sa lokal na wika, slang, at hybrid na anyo—ay isang sinadyang estratehiya na naglilingkod sa partikular na layunin: magpatawa, magpahayag ng damdamin, magtayo ng rapport, o magbigay ng mabilis na impormasyon. Ang multimodal na elemento ng digital komunikasyon—emoji, meme, stylized spelling, at visual cues—ay nagiging kasangkapan upang palakasin o linawin ang intensyon ng pahayag, kaya ang anyo ng wika ay hindi hiwalay sa paraan ng pagpapahayag kundi bahagi ng isang mas malawak na semiotikong repertoryo.

